# *Magpalakas sa Biyayang nasa kay Cristo Jesus*

***"1 Ikaw nga, anak ko, magpakalakas ka sa biyayang nasa kay Cristo Jesus. 2 At ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi, ay parehong ipagkatiwala sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa mga iba. 3 Makipagtiis ka sa akin ng mga kahirapan, na gaya ng mabuting kawal ni Cristo Jesus. 4 Sinomang kawal na nasa pagkakawal ay hindi nahalubilo sa mga bagay ng buhay na ito; upang siya'y kalugdan niyaong nagtala sa pagkakawal. 5 At kung ang sinoman ay makikipaglaban naman sa mga laro, ay hindi pinuputungan maliban na kung makipaglabang matuwid. 6 Ang magsasaka na nagpapagal ay siyang kailangang unang makabahagi sa mga bunga. 7 Isipin mo ang sinasabi ko; sapagka't bibigyan ka ng Panginoon ng pagkaunawa sa lahat ng mga bagay." (2 Timothy 2:1-7 KJV)***

Dito, si Pablo ay nagsasalita sa kanyang anak sa pananampalataya na si Timoteo, at sinabi niya sa kanya na ang lahat ng bagay na iyong pinagdaraanan, kinakailangan mong magpakalakas sa biyayang na kay Cristo Jesus. * Nais ng Dios sa atin na magpakatatag tayo sa biyaya mula sa Dios. * Makinig kayo sa akin simbahan, ang biyaya ng Dios ay hindi upang takpan ang iyong mga kaslanan; hindi upang sumabay sa ating damdamin; at hindi rin upang sumunod sa ating mga plano. * Hindi ibinigay sa atin ng Dios ang Kanyang biyaya upang makipaglaban ng mabuting pakikipaglaban. Sa panahong ito malapit na ang pagbabalik ng Panginoon at kailangan nating maging handa, kaya't magpakatatag kayo sa biyayang na kay Cristo Jesus. * Isang malaking labanan ang naghihintay sa atin. Ito ang tanyag kong kasabihan: 'Hindi pa tayo nagsisimula'; nauunawaan mo? Nasa bukana pa lang tayo; isa lamang tayong talampakan sa ilalim ng tubig ngunit sa harapan natin ay may ilog na kailangan nating tawirin, isang dagat na kailangan nating lusungin upang ang Dios ay maluwalhati sa ating kalagitnaan.

*Banal na Espiritu bumaba at puspusin mo ang iyong simbahan, hatulan kami sa aming mga kasalanan, hatulan kami sa aming kamunduhan Panginoon; sa aming sariling kalooban oh Dios. Maawa ka sa mga nangagsisi at harapin ang mga hindi handang isuko ang kanilang sariling kaparaanan, sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Makinig dito ***"2 At ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi, ay parehong ipagkatiwala mo sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa mga iba." (2 Timoteo 2:2 KJV)*** Ano ang unang tagubilim na ibinigay ni Pablo kay Timoteo, at ang tagubilin na ibinigay sa akin at sa iyo? Makinig, kailangan mong maging guro ng Salita ng Dios. Sinabi niya sa kanya na mangagpakalakas na ***"ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi"*** Sinabi at ipinaalala niya sa kanya na ang aral ay mula sa kanya. 'Ang aral na ito Timoteo nang narinig mo ito, hindi ka nag iisa. Mayroong ibang mga saksi.' Anong ibig sabihin nito? Ibig sabihin nito ang ibang tao at hindi lamang ikaw ang tumatalima sa turo na ito. Kaya kung hindi mo susundin, ito ay iyong kahihiyan. Sinabi niya sa kanya na ang turo ay hindi maaring baguhin. * Makinig ka sa akin simbahan, sa aking pamilya, mga kaibigan, na mahal ko kayo at mahal ninyo ako. Makinig ka sa akin, Ang Salita ng Dios ay higit sa lahat. Hindi ako maaring makipagkompromiso, o baliin ang Salita ng Dios upang pasiyahin ang sinuman. * Sinabi ko nang malinaw ang turo na nailathala kung may anumang pagbabago, ako ang magsasabi ng paumanhin, May nagawa akong mga bagay na mali iyon ay hindi tama subalit mula nang tinanggap mo ito, iyon ang turo, kung hindi ka susunod, iyon ay ang iyong kahihiyan, iyan ang iyong kasalanan at pakikipagkompromiso, ngunit sa ganang akin ginawa ko ang aking tungkulin nang maayos. * Ang turo na tinanggap mo sa gitna ng maraming saksi, ang iba ay sumusunod, ang iba narinig nila ang sinabi ko; ang iba ay alam nila ang aking pammuhay, kaya kung may ginagawa ka o namumuhay sa kabaligtaran iyon ay wala sa aking pagsang-ayon. Iyon ay sariling mong maling gawain at ikaw ang magdadala nito. Sinabi niya sa kanya, ***""ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi, ay parehong ipagkatiwala mo sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa mga iba."*** Ano ang ibig sabihin ng ***"parehong"***? Sinabi na niyang baguhin ito ng kaunti? Sinabi ba niya na isaayos ang tungkol dito kung hindi mo gusto> Sinabi ba niya na burahin mo na lang? Hindi! Ang pareho sa iyo Timoteo kailangan mong makisama at ipagkatiwala sa mga taong tapat.

* Alam mo, may nagtanong sa akin mga ilang buwan na ang nakararaan. Makinig ka dito, totoong kwento ito. Dr. Ramiz, ano ang hinihiling mo sa Dios, ano ang iyong hinahangad? Alam mo kung ano ang aking hinahangad, mga Kapatid ko kay Cristo, ang aking hinahangad ay gusto ko ng mga taong tapat. * Ang mga taong tapat ay tatanggap ng Salita ng Dios, sinusunod nila ito, at sila'y nagpapatuloy dito, walang pakikipagkompromiso, walang kamunduhan, at iingatan ito kahit na sa kanilang mga patay na katawan.

Ang Salita ng Dios hindi natin maaring sirain ito upang pasiyahin ang mga tao; hindi natin maaring baguhin ito upang masiyahan ang mga tao sa atin, ***"14 Ibinigay ko sa kanila ang iyong salita: at kinapootan sila ng sanglibutan, sapagka't hindi sila taga sanglibutan, gaya ko naman na hindi taga sanglibutan." (Juan 17:14 KJV)*** Ang parehong ipagkatiwala sa mga taong tapat. * Kailangan nating hanapin, magtiyagang hanapin at makita ang mga taong tapat; napaka hirap na makakita sa panahong ngayon ngunit kailangan pa rin nating hanapin, huwag sumuko, walang ibang paraan, at kailangan natin ang biyaya ng Dios upang makahanap ng mga

taong tapat. * Hindi nakikipagkompromiso sa mga tao, hindi nakabubuti sa mga tao, hindi nagagalak na mga tao, hindi mga tao na tutulong sa atin. Hindi. Kailangan nating maghanap ng mga taong tapat at ibigay ang turo na ipinagkatiwala sa atin ng Dios, at mga taong kayang magturo sa iba ng Salita ng Dios na dapat ipasa sa susunod na henerasyon. Mula kay Pablo patungong Timoteo, mula kay Timoteo patungong mga taong tapat, at mula sa mga tapat na tao patungo sa iba. Apat na henerasyon; iyan ang turo kay Timoteo, sa akin at lumipat sa mga taong tapat na kayang ipagkatiwala sa iba.

* Maging matatag sa biyaya ng Panginoong Jesus upang maging guro. * Paano maging mabuting guro? Ano ang ating kurikulum? Basahin ang Bibliya mula simula hanggang sa katapusan, wastong paghahati ng Salita ng Dios, walang kamunduhan, walang pakikipagkopromiso, patuloy na maghanap, hanapin ang Kanyang mukha upang tanggapin natin ang turo. * Kailangan natin ang Banal na Espiritu. Sa nakaraang dalawang araw ako ay nag-aayuno, ang aking panalangin ay Panginoon, ikaw ang kumilos, ayaw kong maunang kumilos kaysa sa iyo, Panginoon ikaw ang kumilos, baguhin ang mga tao, baguhin ang mga kalagayan, Panginoon kumilos, ito ang aking panalangin.

***"3 Makipagtiis ka sa akin ng mga kahirapan, na gaya ng mabuting kawal ni Cristo Jesus." (2 Timoteo 2:3 KJV)*** Ang kawal na nagtitiis sa kahirapan, ***"Makipagtiis ka sa akin ng mga kahirapan, na gaya ng mabuting kawal ni Cristo Jesus."*** Paano mo makikilala ang mga kawal? Paano mo malalaman na ang taong ito ay kawal? Sa pamamagitan ng kanilang uniporme; saan mang bansa sasabihin nila sa iyo na iyan ang kawal, makikilala mo sila sa sinusuot nilang uniporme ng mga kawal. * Ang mensahe ng uniporme ay ito: *'Ako ay isang kawal'*. Hindi ako abala sa ibang mga bagay, huwag mo akong tawagin sa kamunduhan, sa pagdiriwang, sa pagnenegosyo, sa libangan. Ako ay isang kawal, Mayroon akong pananagutan na labanan ang mabuting pakikipaglaban upang iligtas ang aking bansa. Iyon ang kawal. Mula sa kanilang umiporme inihiwalay sila sa mundo, * Banal sa Dios, Nazareno, mahabang buhok, hindi umiinom ng alak, hindi mapakialam, hindi makamundo, hindi nagfafacebook, walang mga kaibigan, make up, at wala nang ibang bagay na walang katuturan.

Kawal, ***"4 Sinomang kawal na nasa pagkakawal ay hindi nahalubilo sa mga bagay ng buhay na ito; upang siya'y kalugdan niyaong nagtala sa pagkakawal." (2 Timoteo 2:4 KJV)*** Hanggang sa puntong sinabi ni Jesus, ***"60 Datapuwa't sinabi niya sa kaniya, Pabayaan mong ilibing ng mga patay ang kanilang sariling mga patay; datapuwa't yumaon ka at ibalita mo ang kaharian ng Dios. " (Lucas 9:60 KJV)*** Kahit na may mamatay na malapit sa iyo, sinabi ni Jesus, dahil ikaw ay isang kawal, kung hindi mo kayang dumating doon, ikaw ay isang sundalo. ***"Pabayaan mong ilibing ng mga patay ang kanilang sariling mga pata"***; wala tayong dahilan sa araw na ito kapag bumalik si Jesus, makikita mo, kung paano niya sasalain ang simbahan; ganito ang dami ng maiiwan; kahihiyan sa ating mga mukha, kamunduhan; itigil ang makihalubilo sa sibilyan, itigil ang pagsunod sa iyong nararamdaman at emosyon, mga plano, at libangan; ito ang kalooban ng Dios. Sinabi niya, ***"Sinomang kawal na nasa pagkakawal ay hindi nahalubilo sa mga bagay ng buhay na ito; upang siya'y kalugdan niyaong nagtala sa pagkakawal."*** walang pakikihalubilo na humihila sa iyo mula sa Cristo, ***"upang siya'y kalugdan niyaong nagtala sa pagkakawal."*** Sino ang pumili sa iyo na maging kawal? Hindi ako, kundi ang Dios ang pumili sa iyo. Makipaglaban nang mabuti hanggang sa wakas, huwag sumuko. Sa panahong ito, ano ang ginagawa ng mga Cristiano? Sila ay sumusuko sa diyablo; sa mga babae, lalaki, pag-inom, mga kaibigan, pagkamundo, mga dios-diosan, at mga makamundong pagdiriwang. Sumusuko tayo? Hindi, nakikipaglaban tayo hanggang sa wakas ng mabuting pakikipaglaban upang matanggap ang putong na ipinangako ng Dios sa mga taong naghihintay sa Kanya, ang putong ng katuwiran.

Ang kawal ay mahirap na buhay, sinanay, anuman ang nariyan kakainin niya, walang mga pagdiriwang, walang paglilibang, malayo sa maayos na lugar, malayo sa pamilya.

***"5 At kung ang sinoman ay makikipaglaban naman sa mga laro, ay hindi pinuputungan maliban na kung makipaglabang matuwid." (2 Timoteo 2:5 KJV)*** Pangatlong trabaho ay manlalaro. Maging manlalaro, makipaglabang matuwid, maglingkod sa Dios ayon sa Kanyang tuntunin.

Kailangan nating sundin ang mga tuntunin, Mayroong mga tuntunin upang sundin bilang mga alagad. Ngayon ang simbahan ay puno ng mga tao; dinadala nila ang mga kasintahang lalaki, babae, pagdiriwang ng kaarawan, salapi at samahan ng negosyo, ginagawa nila ang lahat ng kamunduhan para lamang magdala ng mga tao sa simbahan upang maging malaki, * Iyon ay hindi matuwid na paraan sa paglilingkod sa Dios. Iyon ay kamunduhan, sama-samang pagdiriwang, pakikipagkompromiso, pagpapapuri, hindi nila sinasabi ang katotohanan. * Kailan mo sasabihin ang totoo? Hanggang ang Panginoon ay dumating? At lahat kayo ay maiwan? Sinabi niya sa kanya, ***"maliban na kung makipaglabang matuwid."*** * Hindi mo matatangap ang putong ng katuwiran kung makikipagkompromiso ka. * Oo ang mga tao ay hindi masisiyahan, maiinis, magagalit ngunit wala akong iba kundi ang Salita ng Dios. Makinig, ito ay simbahan, hindi banko, klinika, paaralan, kainan, ito ay simbahan. Maari kong gawin ang lahat ng pagseserbisyong ito ngunit ang Salita ng Dios ay higit sa lahat. Nakikipaglaban akong matuwid.. * Kapag nakikita ko ang aking sariling nalalayo sa Banal na

Kasulatan, ako'y nagsisisi at bumabalik sa Dios. Kailangan mong ilagay ang iyong sarili at sa pagitan ng Salita ng Dios. Hindi ka maaring lumabas. Ganito kung paanong makipaglaban ng matuwid.

Pang apat na trabaho, ay magsasaka, unang makibahagi ng bunga. ***"6 Ang magsasaka na nagpapagal ay siyang kailangang unang makabahagi sa mga bunga." (2 Timoteo 2:6 KJV)*** Ang magsasaka ay may mahirap na buhay. Bakit ginamit dito ang magsasaka? Kapag sila'y nagsaka itinatanim nila ang binhi. Ang binhi ang kanilang puhunan. Ang kanilang binhi ay mula sa nagdaang taon, inihanda nila ang lupa, binungkal ito, itinanim ang binhi, umaasang darating ang ulan. Ito ay mahirap na buhay; ang lahat ng kanilang puhunan ay nasa lupa. Ang kapareho sa atin, makinig ka sa akin. Inilalagay natin ang ating buhay para kay Cristo. Lahat para kay Cristo. Nang tinawag ako ng Dios. Isuko mo ito, at ito, at ito… Isinuko ko na siyang aking puhunan. Ang aking puhunan ay na kay Cristo. * Itinatanim natin ang ating buhay para kay Cristo. Ano ang makakamit natin dito sa mundo. Wala tayong makakamit. Sasabihin ko sa iyo Maari tayong pagpalain sa mga bagay na materyal, Maaring hindi Niya, Maaring bigyan tayo ng mga kaloob ng Espiritu, Maaring hindi Niya, ngunit ang ating puhunan ang ating ani ay kay Cristo Mismo. Ang magsasaka ang isa sa masisiyahan sa ani. * Ano ang pangako dito, kapag nagpakapagal ka, malalasap mo ang iyong ani ngunit hindi natin batid kung kailan. Siguro hanggang sa panahong na Siya ay bumalik, gayon nating makikita ang ani, masisiyahan tayo sa Kanyang presensya na makasama Siya magpakailanman. * Ngunit bilang isang magsasaka itinatanim natin ang binhi, oo ang lahat ng ating buhay, lahat ng ating mga pananalapi, pagsisikap, kakayahan, kinabukasan, plano, isinasatabi natin, inilibing ito alang alang kay Cristo. Darating ang panahon magkakaroon tayo ng ani at ikaw mismo ang tatanggap nito.

Kaya't ang biyaya ng Dios na mayroon tayo ngayon na maging sa apat na mga bagay na maging isang:

1. Tagapagturo
2. Manlalaro
3. Kawal
4. Magsasaka

Ang magsasaka ay naghihintay sa ulan; itanim mo ang iyong buhay at hintayin ang ulan. Kailan darating ang ulan? Panginoon, dalangin namin, Alam mo ang iyong panalangin ay humihingi ng limos. Alam mo kung ano ang kahulugan ng limos? Ang limos ay nalilimos sa Dios tulong, pakiusap Panginoon, pakilusin ang Banal na Espiritu, oh Dios. Alam mo kung ang Banal na Espiritu ay hindi kikilos, ang ating mga pagsusumikap ay walang saysay. Itinatanim ng magsasaka ang binhi; kailangan mong ibagay ang iyong buhay para kay Cristo.
***Sa aking mahal at minamahal:*** Maari ka bang tumayo, Sabihin sa Kanya, "Pangiooon ibinibigay ko ang aking buhay sa iyo', Huwag kang matakot na ibigay ang iyong buhay kay Cristo. Gusto mong makarating sa Langit? Ibigay ang iyong buhay sa Dios, tumayo ka mula sa iyong kinauupuan, Sabihin sa Kanya, 'Ibinibigay ko ang aking buhay sa iyo, Ibinabaon ko ang aking buhay para sa iyo.' Anuman ang ibinigay ng Dios sa iyo; Maaaring bigyan ka Niya ng ulan, maaaring sumagot Siya sa mga dasal, maaaring magbigay Siya, ngunit tayo ay mga magsasaka lamang. Tayo ay mga magsasaka sa anihan, ngunit sasabihin ko sa iyo na maaaring hindi natin makain ang ani dito sa lupa ngunit malalasap natin ito sa Langit. Handa ka bang maglingkod sa Dios? Namatay Siya para sa atin, Siya ay ipinako sa krus nangg hubad na may lahat ng Kanyang sakit para sa walang kasalanan kundi para sa aking mga kasalanan at sa iyong mga kasalanan; at ibinigay Niya ang Kanyang biyaya. Paano natin gagamitin ang Kanyang biyaya? Upang maging guro ng Kanyang Salita, sundalo na makipaglaban sa mabuting pakikipaglaban, manlalaro na magkipaglaban nang matuwid, upang maglingkod sa Dios sa tamang paraan at magsasaka na ilalagay ang lahat ng kanyang puhunan sa ilalim ng lupa, humihingi ng awa ng Dios para sa ulan, para sa biyayang darating.

Sinabi ni Pablo kay Timoteo, ***"7 Isipin mo ang sinasabi ko; sapagka't bibigyan ka ng Panginoon ng pagkaunawa sa lahat ng mga bagay." (2 Timothy 2:7 KJV)*** Manalangin tayo….

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios sa Langit, Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat para sa iyong malinaw na salita sa akin, at salamat para sa aking buhay na ibinigay mo sa akin upang gamitin na sundin ang iyong mga tuntunin at gamitin ito na gawin ang aking ministerio. Panginoon, salamat para sa lahat ng pagsaway at ng mga payo na tinaggap ko mula sa Banal na Kasulatan.*

*Ipagtapat at talikuran ngayon ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipagtapat ang iyong kamunduhan, pakikipagkompromiso, pagpapapuri, hindi handang maglingkod at magdusa para kay Cristo. Ipagtapat at talikdan ang iyong emosyon, ang iyong sariling plano, makikipagkaibigan sa hindi mga mananampalataya, mga kaibigan, pananahimik na hindi sabihin ang katotohanan ng Salita ng Dios, hindi pakikipaglaban ng matuwid, hindi pagbibigay ng iyong buhay kay Cristo Jesus at ipagtapat at talikdan ang iyong pagsasayang ng oras sa Media, TV, laro, facebook, at balita. Ipagtapat at talikuran ang iyong kawalan ng pagbabasa ng Salita ng Dios*

*at kakulangan sa pananalangin. Panginooon patawarin mo ako sa sumusunod na mga kasalanan ________________________.*

*Panginoon Ipinangako ko ang aking buhay sa turo at tuntunin na Aking tinanggap sa mensaheng ito. Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili na maghintay sa iyo at sundin lahat ng iyong sinasabi na gawin ang iyong kalooban at iyong layunin sa aking buhay at sa buhay ng mga taong nakapaligid sa akin at sa ilalim ng aking pangangalaga. Panginoon Handa akong magturo ng iyong Salita, kawal upang makipaglaban ng mabuting pakikipaglaban, manlalaro upang makipaglaban ng matuwid, upang maglingkod sa tamang paraan, at magsasaka na ibigay ang lahat ng aking puhunan sa ilalim ng lupa, nanlilimos para sa kaawaan ng Dios. Panginoon narito Ako bumabalik sa iyo, handang paglingkuran ka, at gawin ang iyong kalooban, panumbalikin ako sa mabuting plano na mayroon ka para sa akin.*

*Panginoon salamat para sa aking mga Kapatid na nangasisi sa kanilang mga kasalanan at bumalik sa iyo handang gawin ang iyong kalooban at mabuting plano na mayroon ka sa kanilang buhay. Panginoon gamitin mo sila na maging isang mabuting halimbawa sa kanilang mga lugar na ipangaral ang evangelio ni Jesus sa pmamagitan ng mga salita at gawa. Panginoon ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan at alalayan ang kanilang kita at bigyan sila ng mabuting kalusugan at kalakasan na magpatuloy at paglingkuran ka at gawin ang ministeryo na ipinagkatiwala mo sa kanila.*

*Panginoon, bilang iyong simbahan, ipinapangako namin na ipatupad ang katuruang ito na tinanggap namin mula sa iyon sa buhay ng aming mga pamilya, manggagawa at kasapi. Panginoon ipinapangako namin ang aming sarili na magpakatatag sa biyaya kay Cristo Jesus at magpatuloy na maglingkod sa iyo hanggang sa huli hanggang bumalik ka upang kunin kaming kasama mo sa Langit. Panginoon ipinapangako namin ang aming sarili na abutin ang bagong mga tao at lugar ng evangelio ni Cristo Jesus. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailagan naming yumaon at mag evangelio, at gumawa ng bagong mga alagad at magsanay ng bagong mga manggagawa na yumaon at magtanim ng maraming pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Magpalakas sa Biyayang nasa kay Cristo Jesus. 2 Timoteo 2:1-7. Juan 17:14, Lucas 9:60.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014

IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com